Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro
sbbulalacaoormin@gmail.com 09958846853

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-07 NG AGOSTO 2023 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO: Wala**

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAUTUSAN BILANG 23-08-361

**KAUTUSANG NAGBABAWAL SA PAG-AALAGA NG BABOY SA MGA BARANGAY NA MATATAONG LUGAR SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO.**

May-Akda
**Sangguniang Bayan Member ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Chairperson, Committee on Environment and Forestry

Isponsors
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
Chairperson, Committee on Rules, Privileges, Ordinances and Legal Matters

**Sangguniang Bayan Member JESS V. SAPUNGAN**
Chairperson, Committee on Health, Nutrition and Sanitation

**Sangguniang Bayan Member GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Chairperson, Committee on Housing and Land Utilization

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod;

**Seksyon 1.** Walang sinumang indibidwal, samahan, kooperatiba o korporasyon ang pinapayagang mag-alaga ng baboy at manok (45 days) sa mga matataong lugar sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro.

**Seksyon 2.** Ipinagbabawal rin ang pag-aalaga ng patabaing baboy at manok (45 days) sa mga likod-bahay ng mga matataong lugar na may pagitan na limang (5) magkakatabing kabahayan.

**Seksyon 3.** Hindi pinahihintulutan ang mga itinuturing na large scale hog raiser na magtayo ng kural at mag-aalaga ng inahing baboy sa mga matataong lugar.

**Seksyon 4.** Ang sinumang indibidwal, samahan, kooperatiba at korporasyon na magtatayo ng kural na nabibilang o napapaloob sa mga itinuturing na large scale hog raisers sa mga lugar na labas sa itinatakda sa mga seksyon ng Kautusang ito ay nangangailangang kumuha ng mga sumusunod na mga permit:

a) Zoning permit
b) Sanitary permit
c) Barangay Certification
d) Building permit
e) Mayor's permit

**Seksyon 5.** Kailangan ma-inspeksyon muna ng Rural Sanitary Inspector ang mga lugar na pagtatayuan ng mga kural.

**Seksyon 6.** Ang lahat ng mga aplikante upang makapag-alaga ng baboy ay kailangang kumuha muna ng kaukulang permiso sa pagtatayo ng kural at pagbabayad ng halagang limang daang piso **(PhP500.00)** sa Tanggapan ng Ingat-Yaman. Ang lahat ng pinapayagan ay inaatasan na magkaroon ng "septic tank" ang bawat kural upang mapangalagaan ang kalusugan at sanitasyon ng mamamayan.

**Seksyon 7.** Inaatasan ang Rural Sanitary Inspector na magsagawa ng buwanang inspeksyon sa mga kural na itinayo at magsumite ng kaukulang rekomendasyon sa Tanggapan ng Punong bayan.

Ang Rural Sanitary Inspector kasama ang mga Barangay Sanitary Inspector ng kani-kaniyang barangay ang magiging katuwang ng Tanggapan ng Punong Bayan sa pagpapatupad ng Ordinansang ito.

**Seksyon 8.** Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay may sumusunod na penalidad.

| | |
|---|---|
| Unang Paglabag | - isang libong piso (PhP1,000.00) |
| Ikalawang Paglabag | - dalawang libong piso (PhP2,000.00) |
| Ikatlong Paglabag | - pagmulta ng halagang hindi bababa sa dalawang libo at limang daang piso (PhP2,500.00) at pagpapasara ng kanilang paalagaan o pamimilanggo alinsunod sa hatol ng hukumang nakasasaklaw. |

**Seksyon 9.** Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng kautusang ito ay pinapawalang bisa o binabago.

CamScanner

**Seksyon 10.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

**Seksyon 11.** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**ISINABATAS** ngayong ika-07 ng Agosto 2023 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. EDERLINO C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangggniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA U. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Regular na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Nobyembre 7, 2023

23/10//18/ENC/PLP/jpc

CamScanner